Tumutulong na Pangkat sa mga may Scoliosis ng Queensland

Ang Scoliosis Support of Queensland Inc ay itinatag noong 1994. Patuloy itong lumakas at ngayon ay tumutulong sa mga kasaping nasa buong Queensland. Isang munting pahayagan ang inililimbag na may lamang mga impormasyong tungkol sa Scoliosis.

Ang mga kasapi ay nagmimiting at nagkikita-kita sa mga piknik na ginagawa sa buong taon. Ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga indibidwal na may scoliosis na magkakakilala at para sa mga magulang na mag-uusap tungkol sa mga pagpapagamot.

Ang samahan ay makapag-iimbita ng mga panauhing magsasalita tungkol sa Scoliosis. Kung kayo ay kasapi ng mga samahang gustong makaroon ng pagpresesenta tungkol sa Scoliosis, tawagan lamang po kami.

Kami ay nagbibigay din ng tulong sa pamamagitan ng telepono sa mga indibidwal na may Scoliosis at ang kanilang pamilya.

Ano ang maaaring mangyari kung pabaya-ang hindi nagagamot ang Scoliosis?

Kung ang Scoliosis ay hindi nagagamot at ang pagliku-liko ng gulugod ay patuloy, maaaring magkakaroon ng maagang pagsisimula ng sakit sa likod. Ito ay dahil sa nasisira ang mga parte ng gulugod (discs) at iba pang mga buto sa likod. Maaari ring magkakaroon ng atraytis sa likod sa mga bata.

Sa malalang kaso, ang tadyang ay maaaring tumabingi ng husto at maaaring mayuyupi ang puso at mga baga kaya't mahihirapan ang mga ito sa kanilang pag-andar.

Masisira din ang tindig ng katawan dahil sa pagkakuba sa buto ng balikat.

Maiiwasan ang scoliosis sa pamamagitan ng pagpapagamot sa unang palatandaan at sa pamamagitan ng palagiang mahusay na pag-aalaga sa likod.

Tumutulong na Pangkat sa Scoliosis ng Queensland

(Scoliosis Support Group of Queensland)

37 Oleron Terrace
PETRIE QLD 4502

Phone/Fax: 1800 722 257

Website: http://www.scoliosissupport.org.au

Email: info@scoliosissupport.org.au

GINAWA SA PAMAMAGITAN NG TULONG NG QUEENSLAND HEALTH.
INILIMBAG ULI NA MAY MGA PAGBABAGO NOONG HUNYO 2006.

Impormasyon

Tumutulong na Pangkat sa Scoliosis ng Queensland

(Scoliosis Support Group of Queensland)

Ano ang Scoliosis?

Ang Scoliosis ay tinatawag din na 'Curvature of the Spine' (Pagliko ng Gulugod). Ito ay isang hindi pangkaraniwang paglikong patabi ng gulugod at ang kasamang pag-ikot ng tadyang. Pitong beses na mas madalas na naaapektuhan dito ang mga kababaihan kaysa mga kalalakihan, kadalasang napapansin sa murang edad at kung hindi napapagamot ay maaaring pagsisimulan ng malaking pagkadeporma ng katawan at sa malalang kaso, ay pagkamatay.

Queensland Government
Queensland Health

TAGALOG

•agkontrol sa mga hubog. May dalawang uri ng suhay na makikita sa ibaba. Ang suhay na mailalagay sa may kilikili, o ang TLSO, ay pangkaraniwang ginagamit sa pagkontrol sa mga hubog na nasa ibabang likod. Ang suhay Milwaukee, o CTLSO, ay ginagamit sa bahaging taas ng likod, at para sa mga batang na may maraming taon pang paglaki. Isang hindi gaanong napapansin na suhay ay maaaring magamit sa mga pasyenteng may nag-iisang butong lumiko (lumbar curve). Ang espesyalista ay magpapayo kung ano ang pinakamahusay na suhay para sa pasyente.

Suhay na nakalagay sa may kilikili (TLSO)

Suhay Milwaukee (CTLSO)

Paglikong 40 grado

Para sa mga paglikong higit sa 40 grado, isang operasyon na nagdudugtong sa maraming bertebra, at ang pagpasok ng ilang kagamitan ay maaaring gawin.